

## **City of American Canyon**

### **POLISIYA SA PANGONGOLEKTA NG PAGINGIL SA UTILIDAD**

#### **Layunin**

Bumuo ng polisiyang nauugnay sa pagsingil para sa mga serbisyong pang-utilidad ng munisipyo na hatid ng City of American Canyon, na magbibigay ng wasto at napapanahong mga serbisyo alinsunod sa Kodigo ng Munisipyo ng Lungsod, Mga Batas ng California, at Iskedyul ng Bayarin ng Lungsod.

#### **Paliwanag ng Polisiya**

Naghahanda ang Lungsod ng mga pang-utilidad na pagsingil para sa mga serbisyo sa tubig at alkantariya (sewer). Ang polisiyang ito ay patungkol sa kung paano pangangasiwaan ng mga kawani ang:

1. Mga Bagong Account, Mga Paglipat, at Pagtigil ng Serbisyo
2. Mga Deposito
3. Mga Bayarin
4. Mga Pagsingil
5. Mga Huling Pagbabayad
6. Mga Delingkuwensiya, Pagputol dahil sa Hindi Pagbabayad at Pangongolekta
7. Mga Hindi Pagkakasundo at Apela
8. Mga Alternatibong Iskedyul sa Pagbabayad
9. Mga Kredito sa Pagtagas
10. Mga Ibinalik na Pagbabayad, Ilegal na Paggamit, Pakikialam o Ilegal na Pagbago (Tampering), at Mga Cross Connection

Tumutugon ang Polisiyang ito sa mga iniaatas ng Water Shutoff Protection Act (Batas sa Proteksiyon sa Pagputol ng Tubig) ng Estado ng California, na kilala rin bilang Senate Bill No. 998 (Panukalang-batas 998): Pagtigil ng Residensiyal na Serbisyo sa Tubig.

Dapat idirekta ang anumang tanong tungkol sa Polisiyang ito sa mga kawani ng Lungsod sa (707) 647-4364 o sa pamamagitan ng email sa [waterpayments@cityofamericancanyon.org](mailto:waterpayments@cityofamericancanyon.org)

Mangingibabaw ang pagpapatupad ng Polisiyang ito sa lahat ng mga nakaraang bersiyon ng mga polisiyang nakalista sa itaas. Hindi pinipigilan ng Polisiyang ito ang mga kawani mula sa pagbuo ng mga karagdagang pamamaraan na makapagbibigay ng mabisa at malinaw na mga serbisyo sa mga pang-araw-araw na pagpapatukbo.

## **City of American Canyon**

### **POLISIYA SA PANGONGOLEKTA NG PAGINGIL SA UTILIDAD**

#### **MGA BAGONG ACCOUNT, MGA PAGLIPAT, AT PAGTIGIL NG SERBISYO**

Ang mga kawani ng Lungsod ay magbibigay sa mga customer ng isang aplikasyon na dapat punan upang maitatag ang mga serbisyong pang-utilidad. Malinaw na isasaad ng form ang mga mailalapat na bayarin at mga kahingian sa deposito. Magiging responsable ang mga customer para sa mga pagsingil ng utilidad hanggang sa hilingin ng customer na itigil ang serbisyo o hanggang sa makatanggap ng bagong aplikasyon para sa mga serbisyo sa address. Ang nakatalang may-ari ng propyedad ay magiging responsable para sa anumang paggamit ng utilidad na mangyayari sa hindi aktibong account.

#### **MGA DEPOSITO**

Pananatilihin ang lahat ng mga deposito ng customer sa hiwalay na account at gagamitin bilang seguridad para sa pagbayad ng mga pang-utilidad na bill. Dapat ipangalan ang Mga Deposito ng Customer sa pangalan ng indibidwal, kompanya, o korporasyon na binibigyan ng mga serbisyo. May karapatan ang Lungsod na gamitin ang deposito ng customer sa anumang hindi pa nababayaranang pagsingil ng utilidad kapag hindi pa nababayaran ang account matapos ang 90 araw. Inilalaan ng Lungsod ang karapatang panghawakan ang deposito hanggang kinakailangan upang matiyak ang pagbayad sa mga singil para sa utilidad.

- Kakailanganin ang deposito sa panahon ng aplikasyon para sa serbisyo mula sa bawat customer maliban kung sila ang may-ari ng propyedad.
- Paunang deposito para sa mga indibidwal na residensiyal na serbisyo: \$150
- Paunang deposito para sa mga serbisyong industriyal o komersyal. \$250
- Ang mga waiver o pagtatanggal ay mapapailalim sa pagpapasiya ng Direktor ng Pananalapi o itinalaga.
- Ililipat lamang ang mga deposito kapag walang hindi nababayaranang balanse sa account ng customer.
- Maaaring kailanganin ang mga karagdagang deposito mula sa mga customer na may maraming pagputol dahil sa delingkuwensiya, na hindi lalampas sa \$600 para sa mga residensiyal na serbisyo at \$1,000 para sa mga serbisyong industriyal/ komersyal ayon sa paghuhusga ng Direktor ng Pananalapi o itinalaga.
- Ang mga pag-refund ng deposito ay mapapailalim sa pagpapasiya ng Direktor ng Pananalapi o itinalaga.

#### **MGA BAYARIN**

Sisingilin ang lahat ng mga bayarin alinsunod sa Iskedyul ng Bayarin ng Gumagamit ng Lungsod, maliban sa mga multa sa huling pagbayad at mga bayaring nililimitahan ng Water Shutoff Protection Act. Napapailalim ang lahat ng mga bayarin sa anumang pagbabago sa batas sa hinaharap, kabilang ang ngunit hindi limitado sa Water Shutoff Protection Act.

#### **MGA PAGINGIL**

Maghahanda at ilalabas ng mga kawani ng Lungsod ang mga bill sa buwanang siklo. Ipadadala sa koreo ang mga bill sa o bago ang unang araw ng trabaho ng bawat buwan at dapat mabayaran sa ika-15 o kasunod na araw ng negosyo ng bawat buwan. May palugit na magpapahintulot ng mga pagbabayad hanggang sa ika-24 o kasunod na araw ng negosyo ng

## **City of American Canyon**

### **POLISIYA SA PANGONGOLEKTA NG PAGINGIL SA UTILIDAD**

bawat buwan bago itasa ang multa sa huling pagbayad. Responsibilidad ng customer na makipag-ugnayan sa Lungsod kung hindi sila nakatanggap ng bill. Ang hindi pagkatanggap ng bill ay hindi magpapawala ng responsibilidad ng customer na magbayad. Ang pagwawasto sa mga pagkakamali sa bill ay napapailalim sa isang tatlong-taong batas ng mga limitasyon at dapat na aprobahan ng Direktor ng Pananalapi o itinalaga.

#### **MGA HULING PAGBABAYAD**

Kung hindi mabayaran ang bill sa utilidad pagkatapos ng ika-24 na araw ng buwan, o kasunod na araw ng negosyo, magtatasa ng multa sa huling pagbayad sa halagang 10% ng hindi pa nababayarang singil at 0.5% na interes sa kabuuang balanse. Maaaring maglabas ng mga waiver para sa multa sa huling pagbayad alinsunod sa Water Shutoff Protection Act. Maaaring magbigay ang mga kawani ng pang-isang beses na waiver sa multa sa huling pagbayad para sa isang account na nasa mabuting katayuan kapag hiniling ng customer. Maaaring magkaloob ng anumang karagdagang waiver sa pagpapasiya ng Direktor ng Pananalapi o itinalaga depende sa kaso. Nasa paghuhusga ng Tagapamahala ng Lungsod o itinalaga ang pagbigay ng mga waiver na lampas sa \$10,000 na pinagsama-sama o indibidwal.

#### **MGA DELINGKUWENSIYA AT PAGPUTOL DAHIL SA HINDI PAGBABAYAD AT PANGONGOLEKTA**

Magiging delingkuwente ang account ng isang customer kapag hindi nabayaran ang isang bill matapos ang 60 araw. Kapag may delingkuwenteng balanse ang isang account, magpapadala ng abiso ng pagputol nang hindi bababa sa pitong (7) araw ng negosyo bago itigil ang serbisyo dahil sa hindi pagbabayad. Ipapadala ang lahat ng mga abiso sa customer ng lokasyon kung saan ibinibigay ang mga serbisyo. Kung ang mailing address ng customer ay iba sa address ng propyedad kung saan ibinibigay ang mga serbisyo, ipapadala rin ang abiso sa pinagseserbisyuhang lugar na nakapangalan sa "Occupant (Naninirahan)." Napapaloob sa abiso ang mga sumusunod na impormasyon:

- Pangalan at Address ng customer
- Halaga ng Delingkuwensiya at Kabuuang Balanse ng Account
- Ang petsa kung kailan kailangan ang kabayaran o kasunduan sa pagbabayad upang maiwasan ang pagtigil ng mga serbisyo
- Isang paglalarawan ng proseso ng pag-apply para sa pagpapalawig ng panahon upang bayaran ang mga delingkuwenteng singil
- Isang paglalarawan ng pamamaraan upang tutulan o iapela ang bill
- Isang paglalarawan ng pamamaraan kung paano maaaring humiling ang customer para sa isang alternatibong iskedyul sa pagbabayad
- Sanggunian kung paano makakukuha ng kopya ng Polisiya sa Pagsingil ng Utilidad

Kung maibalik ang Abiso ng Pagputol sa koreo bilang hindi maipadala, susubukan muna ng mga kawani na makipag-ugnayan gamit ang telepono sa customer o indibidwal na nasa hustong gulang na naninirahan sa tirahan. Kung hindi maabot ang customer sa pamamagitan ng telepono, maghahatid ang kawani ng kopya ng ipinadalang abiso na nakakabit sa door hanger (isinasabit sa pinto), at iiwan sa madaling makitang lugar.

## **City of American Canyon**

### **POLISIYA SA PANGONGOLEKTA NG PAGINGIL SA UTILIDAD**

Hindi puputulin ang mga serbisyo kung naaangkop ang isa sa mga sumusunod:

- Binayaran ng customer ang delingkuwensiya bago ang takdang petsa sa abiso
- Pumasok sa isang kasunduan ang customer para sa kasunduan sa o pagpapalawig ng pagbabayad, o alternatibong iskedyul sa pagbabayad
- May nakabinbing pagtutol o apela ang customer
- Nakatutugon ang mga residensiyal na customer sa lahat ng mga kahingian sa ilalim ng Water Shutoff Protection Act

Kapag pinutol ang mga serbisyo dahil sa hindi pagbabayad sa isang delingkuwenteng account, bibigyan ang customer ng mga tagubilin kung paano ibalik ang serbisyo. Sa petsa ng pagputol, magpapadala ang kawani ng mga abisong nakakabit sa door hanger na tutukoy sa mga sumusunod na impormasyon:

- Pangalan at Address ng customer
- Halagang dapat bayaran upang ibalik ang serbisyo
- Halaga ng singil na bayarin upang ibalik ang serbisyo
- Kung paano at saan magbabayad

Kapag isinara ang isang account, magpapadala ng panghuling bill sa nakatalang customer sa huling ibinigay na address. Magsisikap nang makatwiran ang mga kawani upang kolektahin ang mga nakaraang hindi pa nababayarang balanse matapos isara ang account at magbibigay ng mga opsyon para sa mga kasunduan sa pagbabayad. Maaaring ilipat ang mga isinarang account sa isang panlabas na ahensiya sa pangongolekta. Kung lilipat ang customer sa ibang address ng serbisyo sa loob ng pinagseserbisyuhang address ng Lungsod, maaaring ilipat ang balanse sa aktibong account.

#### **MGA PAGTATALO AT APELA**

Maaaring gamitin ng mga customer ang kanilang karapatan na tutulan ang isang desisyon, bayarin, bill o iba pang bahagi ng bill sa utilidad sa pamamagitan ng pagkompleto ng form sa pagtutol na ibibigay ng mga kawani. Hindi puputulin ang mga serbisyong pang-utilidad habang ipinoproceso ang isang pagtutol o apela. Kung hindi nasisiyahan ang isang customer sa desisyon sa proseso ng pagtutol, magkakaroon ang customer ng sampung (10) araw ng negosyo upang maghain ng apela sa Lungsod upang dinggin ng Tagapamahala ng Lungsod. Pinal ang mga desisyong ilalabas ng Tagapamahala ng Lungsod sa proseso ng apela.

#### **MGA ALTERNATIBONG ISKEDYUL SA PAGBABAYAD**

Maaaring humiling ang mga customer para sa isang naipapatupad na kasunduan para sa isa sa mga sumusunod na alternatibong opsyon sa pagbabayad:

- Pagpapalawig ng Pagbabayad – Isang alternatibong petsa ng nag-iisang pagbayad
- Kasunduan sa Pagbabayad – Amortisasyon ng hindi pa nababayarang balanse sa loob ng 2-6 na buwan na panahon
- Waiver o Pagbabawas ng Bayarin – Kabilang dito ang mga multa sa huling pagbayad, mga bayad sa pagputol, at iba pang bayarin
- Iba Pang Kahilingan – Hindi nauugnay sa proseso ng pagtutol o apela

**City of American Canyon**  
**POLISIYA SA PANGONGOLEKTA NG PAGSINGIL SA UTILIDAD**

Gagawin ang lahat ng mga pagsasaalang-alang alinsunod sa Water Shutoff Protection Act.

Kapag mabigo ang mga customer na tumugon sa mga tuntunin ng Plano o Kasunduan sa Alternatibong Pagbabayad, maaaring kagaad na putulin ang mga serbisyo maliban kung kwalipikado ang customer para sa isang Alternatibong Kasunduan sa Pagbabayad sa ilalim ng Water Shutoff Protection Act.

Hindi maaaring putulin ang mga kwalipikadong account bago ang 60 araw pagkalipas ng takdang petsa ng kasunduan. Sa ika-50 araw pagkatapos ng takdang petsa ng kasunduan, magpapadala ang mga kawani ng 10 araw na Abiso sa Pagputol sa Door Hanger na may espesipikong petsa at halaga ng kasunduan sa pagbabayad na dapat bayaran upang iwasan ang pagputol. Ipapaskil ang 10 araw na Door Hanger sa kilala at madaling makitang lokasyon sa propyedad kung saan ibinibigay ang mga serbisyo. Sa ika-61 araw, kung hindi pa rin kasiya-siyang natutugunan ng customer ang mga kahingian ng kasunduan, puputulin ang mga serbisyo, at kakailanganin ang buong pagbayad upang ibalik ang mga serbisyo.

**MGA KREDITO SA PAGTAGAS**

Ang mga customer na makakaranas ng makabuluhan at hindi inaasahang pagtaas ng paggamit ng tubig dahil sa pagtagas, pagkasira ng tubo, paninira, o iba pang kaganapan ay maaaring mag-apply para sa kredito sa pagtagas. Kinakalkula ang kredito sa pagtagas sa 60% ng labis na paggamit ng tubig sa kahabaan ng maximum na dalawang buwan kada pangyayari. Makukuha lamang ang (mga) maximum na kredito na \$500 isang beses kada sampung taon para sa parehong customer sa parehong lokasyon.

**MGA IBINALIK NA PAGBABAYAD, ILEGAL NA PAGGAMIT, PAKIKIALAM O ILEGAL NA PAGBAGO (TAMPERING), AT MGA CROSS CONNECTION**

Partikular na nauugnay ang seksiyon ng Polisiyang ito sa hindi awtorisadong aksiyon ng customer at hindi napapailalim sa mga limitasyon ng Water Shutoff Protection Act.

Ang lahat ng ibinalik na pagbabayad ay napapailalim sa mga bayarin sa tumalbog na tseke na nakabalangkas sa Pangunahing Iskedyul ng Bayarin. Ang pagbabayad para sa isang tumalbog na tseke ay hindi maaring gawin gamit ang isa pang tseke. Ang ikalawang ibinalik na pagbabayad sa loob ng 12 buwan ay magpapawalang karapatan sa account na gumawa ng mga pagbabayad gamit ang tseke at elektronikong pondo sa loob ng 24 na buwan. Magresulta ang mga ibinalik na pagbayad sa mga abiso sa delingkuwensiya at mga alternatibong kasunduan sa pagbayad sa agarang pagtigil ng serbisyo at kakailanganin ang buong pagbayad bago ibalik ang serbisyo. Ang anumang ibinalik na pagbabayad, maliban sa mga pagkakamali sa bangko na lalampas sa \$950 ay susuriin ng Direktor ng Pananalapi o itinalaga at maaaring i-refer sa Abogado ng Lungsod para sa imbestigasyon.

Ang sinumang indibidwal o anumang mga negosyo na kukuha o gagamit ng mga serbisyo sa tubig o alkantarilya na hindi sila awtorisadong gamitin, makikialam sa metro ng tubig ng Lungsod,

**City of American Canyon**  
**POLISIYA SA PANGONGOLEKTA NG PAGINGIL SA UTILIDAD**

sadyang pipigil sa access sa metro ng tubig o di kaya'y magdudulot ng pinsala sa ari-arian ng Lungsod ay maaaring mapailalim sa multa sa ilalim ng Penal Code 594 (Kodigo Penal 594) ng California. Makikipag-ugnayan ang mga kawani sa Departamento ng Pulisya o Tagapagpatupad ng Kodigo kung kinakailangan para sa pagpapatupad. Dagdag pa sa mga awtorisadong multa sa ilalim ng Municipal Code 9.12.030 (Kodigo ng Munisipyo 9.12.030), ang indibidwal o negosyo ay magiging responsable para sa lahat ng mga gastusing nauugnay sa pagkukumpuni o pagpalit ng ari-arian ng lungsod at/o mga serbisyo at sisingilin nang naayon.

Awtorisado ang mga multa sa ilegal na paggamit sa ilalim ng seksiyon 9.12.030 ng Municipal Code:

- \$100 para sa unang paglabag
- \$200 para sa ikalawang paglabag, sa loob ng isang taon mula sa petsa ng unang paglabag
- \$500 para sa bawat karagdagang paglabag, sa loob ng isang taon mula sa unang paglabag

Ang anumang mga apela at pamamagitan ay napapailalim sa prosesong nakasaad sa ilalim ng 9.12.070 ng Municipal Code. Ang nakasaad na proseso ng pagtutol at apela sa seksiyon 7 ng polisiyang ito ay hindi nalalapat dito.

Responsibilidad ng Lungsod na protektahan ang sistema ng pamamahagi ng pampublikong inuming tubig mula sa posibleng kontaminasyon o polusyon dahil sa backflow o back-siphonage ng mga nagkokontamina o mga dumi sa koneksiyon ng serbisyong tubig. Ang mga pagtutukoy na nauugnay sa mga regulasyon sa mga sistema ng inuming tubig ay maaaring mahanap sa Titulo 17 at Titulo 22 ng Code of Regulations (Kodigo ng Mga Regulasyon) ng California.

*Ang sinumang customer na hindi nasisiyahan sa mga pamamaraan sa itaas ay maaaring magpadala ng sulat sa Direktor ng Pananalapi na naka-address sa City Hall.*

*Available ang polisiyang ito sa wikang Ingles, Espanyol, Chinese, Tagalog, Vietnamese, at Koreano tulad ng iniaatas sa Health & Safety Code 116922 (Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan 116922) at Civil Code 1632 (Kodigo Sibil 1632) ng California.*